

RUSH

13 taon na ang nakakaraan...

May isang katok sa pinto na sinundan ng maliit at pakaladkad na hakbang ng mga paa. Sumasakit na ang dibdib ko. Tinawagan na ako ni Mama habang pauwi sila para sabihin sa akin kung ano ang ginawa niya at na ngayon ay kailangan niyang lumabas para makipag-inuman sa mga kaibigan. Ako ang siyang maiiwan para umalo kay Nan. Hindi kayang harapin ng nanay ko ang stress na kasama niyon. Humigit-kumulang iyon ang sinabi niya nang tawagan niya ako.

“Rush?” tawag ng tinig ni Nan kasabay ng isang sinok. Umiiyak siya.

“Nandito ako, Nan,” sabi ko habang tumatayo mula sa beanbag na inuupuan ko roon sa sulok. Iyon ang taguan ko. Sa bahay na ito kailangan mo ng lugar kung saan ka puwedeng magtago. Kapag wala ka niyon, may masasamang bagay na nangyayari.

Kumapit sa basang mukha niya ang mga hibla ng pulang kulot na buhok ni Nan. Kumibot ang ibabang labi niya habang nakatitig siya sa akin gamit ang malulungkot niyang mga matang iyon. Bihira ko silang makitang masaya. Binibigyan lang siya ng

atensyon ng nanay ko kapag kailangan niyang bihisan si Nan at ipagpasikat. Sa natitirang pagkakataon, iniignora lang si Nan. Puwera pagdating sa akin. Ginagawa ko ang lahat ng makakaya ko para maramdaman niyang may nagmamahal sa kanya.

“Hindi ko siya nakita. Wala siya d’un,” bulong niya habang tumatakas ang isang maliit na hikbi. Hindi ko kailangang itanong kung sino ba ang “siya” na tinutukoy niya. Alam ko. Nagsawana si Mama sa katatanong ni Nan tungkol sa tatay niya. Kaya nagdesisyon siyang dalhin si Nan para makita ito. Sana lang sinabi niya sa akin. Sana ako ang pumunta. Kumuyom ang mga kamay ko sa sugatang hitsura sa mukha ni Nan. Makita ko lang ang lalaking iyon, susuntukin ko siya sa ilong. Gusto kong makita siyang duguan.

“Halika dito,” sabi ko, iniuunat ang isang kamay para yakapin ang nakababata kong kapatid na babae. Iniyapos niya ang mga braso niya sa baywang ko at mahigpit akong niyakap. Sa mga pagkakataong gaya nito, mahirap ang huminga. Naiinis ako sa klase ng buhay na ibinigay sa kanya. Kahit paano, alam kong mahal ako ng tatay ko. Naglalaan siya ng oras sa akin.

“May iba siyang anak na babae. Dalawa. At... magaganda sila. Iyong buhok nila, parang buhok ng anghel. At may momma sila na hinahayaan silang maglaro sa labas at madumihan. Nakasuot sila ng tennis shoes. Iyong madudumi.” Naiinggit si Nan sa maduduming tennis shoes. Hindi siya pinapayagan ng nanay namin na maging mas mababa sa perpekto sa lahat ng

oras. Ni hindi siya nagkaroon ng isang pares ng tennis shoes.

“Imposibleng mas maganda pa sila kesa sa ’yo,” paniniyak ko sa kanya dahil matibay ang paniwala ko roon.

Suminghot si Nan at pagkuwa’y umunat palayo sa akin. Umangat ang ulo niya at tumingala sa akin ang malalaki at luntian niyang mga mata. “Mas maganda sila. Nakita ko sila. Nakakita ako ng pictures sa dingding kasama iyong dalawang babae saka isang lalaki. Mahal niya sila... Hindi niya ako mahal.”

Hindi ako makapagsinungaling sa kanya. Tama siya. Hindi siya mahal ng lalaking iyon.

“Isa siyang malaking tanga. Nandito ako para sa ’yo, Nan. Lagi akong narito para sa ’yo.”

BLAIRE

Kasalukuyan...

Sapat nang layo iyong labinglimang milya palabas ng bayan. Wala pang lumabas ng Summit nang ganito kalayo para lang bumisita sa isang pharmacy. Maliban na lang siyempre kung disinuwebe sila at nangangailangan ng isang bagay na hindi nila gustong malaman ng bayan na binili nga nila. Lahat ng binili sa local pharmacy ay masisiwalat sa lahat ng dako ng maliit na bayan ng Summit, Alabama sa loob ng oras na iyon. Lalo na kung wala kang asawa at bumibili ka ng condoms... o ng isang pregnancy test kit.

Ipinatong ko iyong mga pregnancy test kits sa ibabaw ng counter at hindi nakipag-eye contact sa clerk. Hindi ko kaya. Ang takot at guilt sa mga mata ko ay isang bagay na hindi ko gustong ibahagi sa kung sinong estranghero. Isang bagay ito na ni hindi ko sinabi kay Cain. Mula nang sapilitan kong ipagtabuyan si Rush paalis sa buhay ko tatlong linggo na ang nakaraan, unti-unti akong nabalik sa dating gawi ng paglalaan ng lahat ng oras ko na kasama si Cain. Madali iyon. Hindi niya ako pinipiga para magsalita, pero kapag naman gusto kong magsalita tungkol doon nakikinig siya.

“Sixteen dollars and fifteen cents,” anang babae sa kabilang panig ng counter. Dinig ko ang malasakit sa boses niya. Hindi nakapagtataka. Ito ang pagbili ng kahihyan na pinangangambahan ng lahat ng babaeng teenagers. Nag-abot ako sa kanya ng isang twenty dollar bill nang hindi inaangat ang mga mata ko mula sa maliit na supot na inilagay niya sa unahan ko. Hawak niyon ang isang sagot na kailangan ko at sobra akong tinatatakot niyon. Mas madali na hindi pansinin ang katotohanang dalawang linggo nang late ang period ko at magpanggap na parang hindi ito nangyayari. Pero kailangan kong malaman.

“Three dollars and eighty-five cents ang sukli mo,” sabi ng tindera nang iunat ko ang kamay ko at kunin ang pera sa nakabuka niyang kamay.

“Salamat,” bulong ko, at kinuha na ang supot.

“Sana maging maayos ang lahat,” saad ng babae sa isang banayad na tono. Itinunghay ko ang mga mata ko at nasalubong ang isang pares ng mabait at kulay brown na mga mata. Isa siyang estranghera na hindi ko na muli pang makikita, pero nang oras na iyon, nakatulong na mayroong isa pang taong nakakaalam. Pakiramdam ko hindi ako masyadong nag-iisa.

“Sana nga,” tugon ko bago tumalikod mula sa kanya at naglakad na patungo sa pinto. Pabalik sa mainit na araw ng tag-araw.

Nakakadalawang hakbang na ako patungo sa parking lot nang dumapo ang mga mata ko sa driver's side ng truck ko. Nakasandal doon si Cain habang nakaekis ang mga braso niya sa kanyang dibdib. May nakalagay na University of Alabama A ang gray baseball cap na suot niya at hinila iyon pababa, sinasanggahan ang mga mata niya mula sa akin.

Huminto ako at tinitigan ko siya. Hindi ako puwedeng magsinungaling tungkol dito. Alam niyang hindi ako nagpunta rito para bumili ng condoms. Isa na lang ang pagpipilian. Kahit hindi ko makita ang ekspresyon sa mga mata niya ay alam ko... na alam na niya.

Nilunok ko ang bikig na nasa lalamunan ko at nilalabanan ko na mula nang sumakay ako sa truck ko kaninang umaga at dumerecho palabas ng bayan. Ngayon hindi na lang ako at ang estranghera sa likod ng counter ang nakakaalam. Alam na rin ng best friend ko.

Pinuwersa ko ang sarili ko na ilagay ang isang paa sa unahan ng isa pa. Magtatanong siya ng mga tanong at kailangan kong sumagot. Pagkatapos ng mga nakaraang linggo, marapat lang na bigyan ko siya ng paliwanag. Marapat lang na malaman niya ang katotohanan. Pero paano ko ipaliliwanag ito?

Tumigil ako ilang pye lang sa harapan niya. Pasalamat na lang ako at natatabingan ng cap niya ang kanyang mukha. Mas madaling magpaliwanag kung hindi ko nakikita ang mga isiping sumasalimbay sa mga mata niya.

Tumayo kami sa katahimikan. Gusto kong mauna siyang magsalita, pero pagkatapos ng sa pakiramdam ko ay tila ba ilang minuto na wala siyang sinasabing kahit ano, alam kong gusto niyang mauna akong umimik.

“Paano mo nalaman kung nas’an ako?” sa wakas ay tanong ko.

“D’un ka tumutuloy sa lola ko. Pag-alis na pag-alis mo na kakaiba ang ikinikilos, tinawagan niya ako. Nag-aalala ako tungkol sa ’yo,” sagot niya.

Humapdi ang mga mata ko dala ng luha. Hindi ako iiyak dahil dito. Naiiyak ko na ang lahat ng puwede kong iiyak. Hinahawakan nang mahigpit at mas malapit ang supot na naglalaman ng pregnancy test kits, tinuwid ko ang mga balikat ko. “Sinundan mo ’ko,” sabi ko. Hindi iyon tanong.

“Siyempre sinundan kita,” sagot niya, pagkatapos ay ipinilig ang ulo niya at ibinaling ang tingin palayo sa akin para tumuon sa ibang bagay. “Sasabihin mo ba sa ’kin, Blaire?”

Sasabihin ko ba sa kanya? Ewan ko. Hindi pa ako nakapag-isip hanggang doon. “Hindi pa ako sigurado kung may kailangan bang sabihin sa ngayon,” tapat kong sagot.

Umiling si Cain at nagpakawala ng isang marahas at mababang tawa na walang bahid ng pagkaaliw. “Hindi sigurado, huh? Nagsadya ka ng ganito kalayo dahil hindi ka sigurado?”

Galit siya. O nasaktan ba siya? Wala siyang rason para maramdaman ang kahit alin doon. “Hangga’t di ko nagagawa ang test na ’to, hindi ako sigurado. Late ako. Iyon lang. Walang dahilan para sabihin ko sa ’yo ang tungkol dito. Hindi mo ’to kargo.”

Dahan-dahan, ipinihit ni Cain ang kanyang ulo para ipantay ang tingin niya sa akin. Iniangat niya ang kamay niya at itinulak palikod ang baseball cap niya. Nawala ang sangga sa mga mata niya. May di-makapaniwalang ekspresyon at hinanakit doon. Hindi ko ginustong makita iyon. Mas malala pa iyon kaysa kung paghusga ang nakita ko sa mga mata niya. Sa isang banda, mas maganda pa kung paghusga na lang.

“Talaga? Ganyan ba ang nararamdaman mo? Pagkatapos ng lahat ng pinagdaanan natin, ’yan talaga ang nararamdaman mo?”

Ang pinagdaanan namin ay nasa nakaraan na. Nakaraan ko na siya. Marami na akong pinagdaanan na hindi siya kasama. Habang nagsasaya siya sa mga taon niya sa high school, nagsisikap ako para buuin ang buhay ko. Ano ba eksakto ang sa akala niya ay dinanas niya? Unti-unting kumulo ang galit sa dugo ko at itinunghay ko ang mga mata ko para tingnan siya nang masama.

“Oo, Cain. Gan’un ang nararamdaman ko. Hindi ako sigurado kung ano *eksakto* ang sa tingin mo, eh, pinagdaanan natin. Naging mag-best friend tayo, ’tapos naging magkasintahan, ’tapos nagkasakit ang nanay ko at kelangan mong ipasipsip ’yang

ari mo kaya niloko mo 'ko. Mag-isa kong inalagaan ang nanay kong maysakit. Wala akong masandalan. 'Tapos namatay siya at umalis ako. Nawasak ang puso ko at ang mundo ko at umuwi ako. Nandito ka para sa 'kin. Hindi ko hiningi iyon sa 'yo, pero ginawa mo. Ipinagpapasalamat ko iyon, pero hindi n'un kinakansela 'yung iba pang nangyari. Hindi n'un mapapawi 'yung katotohanang iniwan mo 'ko kung kelan kailangang-kailangan kita. Kaya patawarin mo 'ko kung hindi ikaw ang unang taong takbuhan ko pag ganitong malapit na namang gumuho ang mundo ko. Hindi ka pa karapat-dapat d'un."

Hirap ang paghinga ko at ang luhang ayaw kong iiyak ay umagos pababa sa mukha ko. Lintik, hindi ko gustong umiyak. Tinawid ko ang distansya sa pagitan namin at ginamit ang buong lakas ko para itulak siya paalis sa daraanan ko sa gayon ay masunggaran ko ang hawakan ng pinto at mabuksan ang sasakyan. Kailangan kong makaalis dito. Malayo sa kanya.

"Alis," sigaw ko habang pinipilit kong buksan ang pinto samantalang naroon pa rin ang bigat niya.

Inasahan kong makikipagtalo siya sa akin. Inasahan ko ang lahat maliban sa pagsunod niya sa sinabi ko. Sumampa ako sa driver's seat at inihagis ang maliit na supot ng plastic sa upuan sa tabi ko bago binuhay ang truck at nagmaniobra palabas ng parking spot. Natatanaw ko si Cain na nakatayo pa rin doon. Hindi halos nagbago ang tayo niya. Sapat lang para makapasok ako sa truck ko. Hindi siya nakatingin sa akin. Nakatitig siya sa

lupa na para bang taglay niyon ang lahat ng mga sagot. Hindi ko kayang mag-alala tungkol sa kanya ngayon. Kailangan kong makalayo.

Siguro hindi ko dapat sinabi sa kanya ang mga bagay na iyon. Siguro dapat itinago ko na lamang sila sa loob ko kung saan ko sila ibinaon sa loob ng nagdaang mga taon. Pero masyado nang huli ngayon. Kinulit niya ako sa maling pagkakataon. Hindi ako makokonsyensa tungkol dito.

Hindi rin ako puwedeng bumalik sa lola niya. May hinala na ang lola niya sa akin. Malamang tatawagan siya ni Cain at sasabihin sa kanya. Kung di man ang katotohanan, isang bagay na malapit doon. Wala na akong ibang pagpipilian. Sa banyo sa isang service station ko gagawin ang pregnancy test. May mas ilalala pa ba dito?